


# Gawing Una ang Diyos

Ang pagiging una ng Diyos sa ating buhay ay hindi lamang minsan na kaganapan. . . ito ay panghabang-buhay na proseso sa bawat Kristiyano. Bago ka man sa pananampalataya o isa nang "beterano" na tagasunod ni Cristo, mapapansin mong madaling maunawaan at isabuhay ang gabay na ito, at isa itong napaka-epektibong pamamaraan para sa matagumpay na pamumuhay bilang Kristiyano.

Copyright © 2013 David J. Swandt. All Rights Reserved.

Published under license agreement by Twenty20 Faith, Inc. (USA). Not intended for resale. For more information visit:

www.twenty20faith.org

# "Posisyon ng Diyos, Gantimpala Ko!"

Unang posisyon - ito ang pinakamimithi ng lahat na nakikipagpaligsahan. Isa man itong kumpetisyon na pang-indibidwal o pang-koponan, ang pinakamahusay na marka o oras ang panalo, at ang unang posisyon ang palaging nagdadala ng pangunahing premyo sa taong nagkakamit sa natatanging pribilehiyo. Laging ganoon, ngunit may isang mahalagang eksepsyon.

Bago ang ating kaligtasan, kadalasan nating pinangungunahan ang ating sariling buhay - nabubuhay para sa ating sarili, tinutupad ang ating mga makasariling hangarin, isinusulong ang ating sariling layunin. Ngunit nang tayo ay naging Kristiyano, ang unang posisyon ay hindi na sa atin; pag-aari na ito ng Diyos.

Ang pagiging una ng Diyos sa ating buhay ay nagsimula sa araw ng ating kaligtasan, ngunit ang pagpapahintulot sa Diyos na manatiling una sa lahat ng bahagi ng ating

buhay ay isang patuloy na proseso. Kapag ginagawa natin ito, nabubuhay tayo dito sa mundo ng isang makabuluhan at pinagpalang buhay kay Cristo, at namamana natin ang isang walang hanggang buhay na puspos ng umaapaw na mga pagpapala ng Diyos sa Langit magpakailanman.

"Lahat ng manlalarong nagsasanay ay may disiplina sa lahat ng bagay upang magkamit ng isang gantimpalang panandalian lamang. Ngunit ang gantimpalang hinahangad natin ay panghabang panahon." 1 Corinto 9:25

# "Una ka sa Puso ng Diyos"

Ano ang iisipin mo kung may nagsabi sa iyo na itinuturing ka ng Diyos na parang hindi ka nagkasala kailanman? Katunayan, dahil sa gawaing pagtubos ni Jesus sa krus, ganyan talaga ang tingin ng Diyos sa iyo. Bilang mga Kristiyano, napatawad, nalinis at malaya na tayo!

Ibig sabihin nito ay isa kang santo: isang nagkamit ng natatanging katayuan bilang matuwid kay Cristo. Ikaw ay perpekto, banal at walang kapintasan sa paningin ng Diyos. Tinatawag ka Niyang anak, isang tagapagmana ng Kanyang kasaganaan, at Kanyang kaibigan.

"Ngunit kayo ay isang lahing pinili, mga maharlikang pari, isang bansang hinirang, bayang pag-aari ng Diyos, pinili upang magpahayag ng mga kahanga-hangang ginawa niya. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa kanyang kahanga-hangang kaliwanagan." 1 Pedro 2:9

Ang tunay na pagkaunawa kung papaano tayo tinitingnan ng Diyos ay nagsisimula kung gaano natin Siya kakilala. Hindi nakamasid ang Diyos mula sa malayo na naghihintay lamang sa atin na magkamali upang parusahan tayo. Wala nang hihigit pa sa katotohanan.

Isaalang-alang ang sinasabi ng talatang ito:

“Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos. Sila ay naging mga anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao, kundi ayon sa kalooban ng Diyos.” Juan 1:12-13

Itinuturing ng Diyos ang bawat isa sa atin bilang Kanyang sariling iniibig na anak. Siya ay isang mapagmahal na Ama na nagbubuhos ng pabor at pagmamalasakit sa atin dahil sa Kanyang walang hanggang habag. Inilalarawan ng ilang mga banal na kasulatan sa Awit ni Solomon ang nakakamanghang laki ng pag-ibig ng Diyos

sa atin sa pamamagitan ng paghahambing nito sa matalik na pag-iibigan ng mag-asawa. Ayon sa Hebreo 11:6, ang Diyos ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa kanya.

Tinitingnan ng Diyos ang bawat isa sa Kanyang mga anak sa ibang paraan sa halip na katulad ng pagtingin natin sa ating sarili. Ang pag-unawa kung paano tinitingnan ng Diyos ang bawat isa sa atin ay nakabatay sa gawain na sinimulan ni Cristo sa ating buhay sa sandaling tinanggap natin ang kaligtasan.

"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago." 2 Corinto 5:17

"Hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa kanya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos." 2 Corinto 5:21

Ang bagong nilalang na ito ay banal na gawain ng Diyos; isang kumpletong pagbabago ng ating espirituwal na kalagayan at panloob na pagkatao. Lubos na Niya tayong pinatawad at nilinis tayo mula sa ating kasalanan - nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Nasa tamang relasyon tayo sa Kanya.

"Kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran, gayon din niya inalis sa atin ang ating mga kasalanan." Awit 103: 12

Tayo ang bayan ng Diyos na ihinarap sa Kanya nang walang bahid ng kasalanan; tunay na katulad ng Kanyang katuwiran sa pamamagitan ng gawain na ginawa ni Jesus sa krus. Tunay ngang una tayo sa Kanyang puso!

# "Nais ng Diyos na Una Siya sa Iyong Puso”

Sa lipunan ngayon, marami ang nagbabatay ng kanilang halaga sa kayamanan, kung gaano sila kataas sa "antas ng korporasyon," kung gaano katagumpay ang kanilang negosyo, o kung sino ang kakilala nila.

Ngunit kung nakabatay ang ating pananaw sa kahalagahan sa mga bagay na ito, maganda lamang ang pagtingin natin sa ating sarili kapag maunlad tayo sa mga larangang ito. Kapag nababawasan ang ating kayamanan at tagumpay, nababawasan rin ang halaga ng ating sarili dahil hindi matatag ang ating pundasyon. Inilarawan ito ni Jesus sa ganitong paraan:

“Ngunit ang nakikinig naman ng aking mga salita at hindi tumutupad nito ay katulad ng isang taong nagtayo ng bahay nang walang pundasyon. Nang bumaha at bumugso ang tubig sa bahay na iyon,

kaagad itong bumagsak at lubusang nawasak.” Lucas 6:49

Ang ating pagkakakilanlan ay kasing-tatag lamang ng pundasyong pinaglagyan natin. Sa pagtatatag ng ating pagkakakilanlan sa matibay na pundasyon ni Jesu-Cristo, ang katuparan ng buhay ay hindi nakasalalay sa nagbabagong kalagayan ng mga pansamantalang bagay.

Kapag si Cristo ang ating pundasyon, ang ating katatagan ay katulad nito:

“Siya ay katulad ng isang taong humukay nang malalim at nagtayo ng bahay sa pundasyong bato. Nang bumaha at bumugso ang tubig, hindi natinag ang bahay na itinayo, sapagkat matibay ang pagkakatayo nito.” Lucas 6:48

Isipin sandali ang maraming mga pagpipilian sa buhay na maaaring naging pundasyon na pinagtatagan mo ng iyong kabuluhan.  Maaaring kabilangan ito ng kayamanan, karera, hitsura, pamilya, katanyagan, kapangyarihan o kung sino ang kilala mo.  Mayroon pa bang iba na

maisip mo? Sa lahat ng mga bagay na pagtatatagan natin ng ating pagkakakilanlan, si Jesus lamang ang tunay na nagbibigay sa atin ng matagumpay na pamumuhay bilang Kristiyano.

Ngunit kung susuriin mo yung ibang mga pagpipilian, wala namang masama o likas na buktot. Sa katunayan, sa maraming aspeto, ang mga ito ay napakahalagang mga larangan ng responsibilidad na ibinigay sa atin ng Diyos sa ating buhay. Ngunit sa aklat ng Mateo ay tinutulungan tayo ni Jesus na mabalanse ito.

“Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa inyong iinumin upang kayo'y mabuhay o kaya'y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit?  Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya'y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon?” Mateo 6:25-26

Kapag naisabuhay natin ang katotohanan na ito sa ating sariling buhay, matatagpuan natin ang kapayapaan at katuparan, malaya mula sa pag-aalala at pagkabalisa. Nakakamit ang balanseng ito kung inuuna natin si Jesus sa lahat ng aspeto ng ating buhay.

“Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian ng Diyos at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.” Mateo 6:33

Lahat tayo ay may mga pangarap, layunin at hangarin sapagkat dinisenyo tayo ng Diyos na ganito. Ngunit ang pag-una kay Jesus ay dapat na mag-udyok sa iyo na suriin ang iyong mga priyoridad at motibo kung bakit mo ninanais na gawin o kamtin ang mga bagay na pinapangarap mo. Kapag Siya ang una sa iyong mga pangarap at hangarin, ang iyong hinaharap ay mapupuno ng kadakilaan at kagalakan!

Kapag ipinapakita ng Diyos sa iyo ang iyong hindi magandang motibo, ang pinakamahalagang tugon mo dapat ay ang kahandaang gumawa ng mga pagbabago.

Maaaring mahirap minsan ang pagbabago, ngunit laging nasa isip ng Diyos ang pinakamahusay para sa atin, at nais Niyang lumago ka sa espirituwal.

# "Pagtatagumpay sa mga Digmaan ng Buhay sa Tulong ng Diyos"

May isang panghabang-buhay na labanan na nagaganap sa ating buhay. Sa isang panig ay ang impluwensya ng dating makasalanang kalikasan - ang mga dating umiiral na hilig, tukso at kasalanan na mahirap nating mapuksa. Sa paglipas ng panahon habang tumatatag tayo sa ating paglakad sa Diyos, ang impluwensya ng makasalanang kalikasan ay humihina. Sa kabilang dako naman ay ang lumalagong impluwensya ng presensiya ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Ito ang dalawang magkasalungat na puwersa na inilarawan sa Galacia:

“Sinasabi ko sa inyo, mamuhay kayo ayon sa Espiritu at hindi ninyo pagbibigyan ang mga pagnanasa ng laman. Sapagkat ang mga pagnanasa ng laman ay laban sa kagustuhan ng Espiritu, at ang kagustuhan ng Espiritu ay laban sa mga pagnanasa ng laman. Magkalaban ang dalawang ito kaya

napipigilan kayo sa paggawa ng nais ninyong gawin.” Galacia 5:16-17

Hinihikayat tayo ng salita ng Diyos na “mamuhay ayon sa Espiritu.” Sa madaling salita, dapat nating pahintulutan ang impluwensya ng Banal na Espiritu na manalo laban sa impluwensya ng makasalanang kalikasan sa ating buhay.

Maraming beses na mas madaling sabihin ito kaysa sa gawin. Hinihikayat tayo ng ating makasalanang kalikasan na gumawa ng mga pagpapasyang pumupuno sa mga makasariling ambisyon at masamang hangarin. Tinatawag itong tukso, at inilarawan ito ni Santiago sa ganitong paraan:

“Huwag sabihin ninuman na tinutukso siya ng Diyos kapag siya'y dumaranas ng pagsubok, sapagkat ang Diyos ay hindi maaaring matukso at hindi rin naman niya tinutukso ang kahit sino. Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at nagpapatangay sa kanyang sariling pagnanasa.” Santiago 1:13-14

Hangga’t hindi tayo nagdedesisyon na bumigay sa isang tukso, ang tukso ay hindi nagiging kasalanan.

“At ang pagnanasa kapag naitanim sa puso ay nagbubunga ng kasalanan; at ang kasalanan, sa hustong gulang ay nagbubunga ng kamatayan.” Santiago 1:15

Gayunpaman, nakakamangha na bilang bahagi ng malalim na pag-ibig at biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa lahat ng mga Kristiyano, pinapatawad tayo ng Diyos at nililinis tayo mula sa lahat ng ating mga kasalanan. Ganap tayong 100% na pinatawad.

“Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.” 1 Juan 1:9

Ngunit may panganib pa rin ang pagpapabayang hindi mapansin ang kasalanan. Kahit pinapatawad at nililinis tayo ng Diyos, hindi naman Niya inaalis ang mapangwasak na landas ng mga

kahihinatnan at pangyayari na dulot ng kasalanan. Kahit na palagi tayong tinutulungan ng Diyos sa mahihirap na sandali, maging bunga man ito ng ating mga sariling pagpapasya, ang pinakamagandang gagawin natin una sa lahat ay ang gawin ang lahat upang maiwasan ang mga pagpapasyang gayon.

Inilalarawan ng 1 Corinto ang dalawang mahahalagang aspeto para sa epektibong pagharap sa tukso at kasalanan:

“Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito.” 1 Corinto 10:13

Una ay hindi tayo nag-iisa sa ating pakikibaka. Malalaman mo na may ibang mga Kristiyano, 30 araw man o 30 taon na silang lumalakad kasama ang Diyos, ang nakikibaka pa rin sa kasalanan at tukso na karaniwan sa iyo.

Pangalawa, ay hindi papayagan ng Diyos na matukso tayo nang higit sa puntong hindi na tayo makapagpasya upang maiwasan ang kasalanan. Palagi Siyang nagbibigay ng paraan ng pagtakas. Ang ating tungkulin, gaano man ito kahirap, ay ang maghanap ng paraan upang makatakas sa gitna ng mga tukso sa atin.

Ang sumusunod na seksyon ay nagbibigay ng isang estratehiya na nakabatay sa Bibliya para sa epektibong pagharap sa kasalanan at tukso. Ang pagsunod sa planong ito ay isa pang paraan na nagpapakita na una ang Diyos sa iyong buhay!

# "Limang Punto ng Estratehiya para sa Matagumpay na Pamumuhay".

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng 5 punto na estratehiya na nakabatay sa Bibliya para sa epektibong pagharap sa kasalanan at tukso. Ang pagsunod sa planong ito ay isa pang paraan na nagpapakita na una ang Diyos sa iyong buhay!

1. INTINDIHIN NA ITINUTURING KA NG DIYOS BILANG PERPEKTO, BANAL AT WALANG KAPINTASAN, sa pamamagitan ng gawain ni Jesu-Cristo. (Basahin ang 2 Corinto 5:21.) Kadalasan na ang pagkakonsensya at kahihiyan ang pinakamapangwasak na mga bunga ng kasalanan. Ang pag-unawa na wala nang kahatulang parusa sa mga nasa kay Cristo, anuman ang kasalanan, ay mahalaga para sa tagumpay (Roma 8: 1).

2. IPAHAYAG ANG IYONG MGA KASALANAN. (Basahin ang Juan 1:9.) Ang kahulugan ng paghayag ng ating kasalanan ay pagkilala muna sa mga kasalanang iyon sa ating sariling puso at isipan, at pagkatapos ay pagkumpisal sa mga ito sa Diyos. Ang pagkumpisal ng ating kasalanan ay hindi nangangahulugang paghahayag sa mga ito sa iba. Ang paghahayag ay sa pagitan mo at ng Diyos.

3. MAGING RESPONSABLE (Basahin ang Santiago 5:16.) Ang paghahanap ng isang malapit na pinagkakatiwalaang kaibigang Kristiyano, pastor o kapamilya na maaari mong mapagtapatan ay isang epektibong paraan ng pagsisimula ng pananagutan at suporta sa panalangin sa labanan.

4. IWASAN ANG MGA PINAGMUMULAN NG TUKSO. (Basahin ang Santiago 1:13-15.) Ito ang pinakamahirap na puntong maipatupad, at nangangailangan ng ilang malikhaing pag-iisip at pagpaplano. Ang katotohanan ay kung maiiwasan mo ang tukso, maiiwasan mo ang kasalanan.

5. BASAHIN ANG SALITA NG DIYOS. (Basahin ang Awit 119:11.) Malinaw na sinasabi sa atin ng salita ng Diyos na kapag “iingatan” natin ito sa ating puso, nagbibigay ito ng natatanging lakas upang masabi ang huwag sa tukso at kasalanan.